# Achieve Comprehensive Transition Certificate (CTP, Sertipiko ng Komprehensibong Transisyon ng Achieve)

## Mga Resulta ng Pagkatuto

Sa pamamagitan ng mga karanasan sa campus, silid-aralan, at karera, magkakaroon ang mga estudyante ng mas mabuting pagtataguyod sa sarili, kakayahang magsarili, at kasanayan sa:

1. Pagtatakda at pagpapahayag ng mga pangangailangan, kagustuhan, at mga pangmatagalan at panandaliang layunin;
2. Pagtukoy at pagpapabuti ng nalilipat at kapaki-pakinabang na mga kasanayan sa trabaho at pagkakaroon ng trabaho;
3. Responsibilidad at pagiging miyembro ng komunidad sa pamamagitan ng mga aktibidad na humihikayat at sumusuporta sa pakikibahagi, kakayahang magtaguyod, at pagtugon sa lipunan;
4. Kritikal na pag-iisip kabilang ang sariling pagninilay-nilay ng natutunan at pangangalap at pagsusuri ng impormasyon; at
5. Mabisang pakikipagtulungan sa iba, pagpapakita ng respeto sa pagkakaiba-iba at mga perspektiba sa mundo, at pagkilala at pagtugon sa iba't ibang antas ng mga personal na ugnayan.

## Mga Kinakailangan

### Mahahalagang Tala

- Gumagawa ang lahat ng mga estudyante ng Achieve ng indibidwal na Programa ng Pag-aaral kasama ang Tagapayo ng Achieve na nagbabalangkas sa kung aling mga kurso at aktibidad ang tumulong sa estudyante na makamit ang mga resulta ng pagkatuto ng sertipiko.
- Maaaring piliin ng mga estudyante na kumuha ng mga kurso para sa credit o mag-awdit (kumuha ng klase nang walang grado o credit) ng kurso depende sa kanilang kakayahang matugunan ang mga paunang kinakailangan ng kurso at sa kanilang mga partikular na nais na maging resulta ng pagkatuto. Hindi nakakakuha ng pinal na grado o credit para sa kurso sa tradisyonal na paraan ang mga estudyanteng piniling mag-awdit; sa halip, nakakakuha sila ng mga credit patungo sa sertipikong inayon sa indibidwal at inaprubahan ng kolehiyo. Ang mga estudyanteng nag-aawdit ng mga kurso ay nagtatrabaho kasama ang pakultad ng kurso upang pabutihin ang mga nasusukat na resulta ng pagkatuto at ng isang plano upang suriin ang progreso, nang may suporta ng kanilang Tagapayo ng Achieve.

### Mga Pangkalahatang Kinakailangan

- Pitumpu't dalawang (72) kabuuang credit sa mga aktibidad sa klase, campus, at karera; na may GPA na hindi bababa sa 2.0 sa mga kursong binibigyan ng grado at CR (pasado) sa inaprubahan at na-awdit na coursework (gawain ng estudyante sa kurso ng pag-aaral).

### Mga Partikular na Kinakailangan

- Ibinabahagi ang mga credit sa tatlong pangunahing larangan ng kasanayan: silid-aralan, campus, at karera. Bumubuo ang estudyante ng indibidwal na Programa ng Pag-aaral kasama ang Tagapayo ng Achieve na bumabalangkas sa kung paano natugunan ng estudyante ang mga kinakailangan sa silid-aralan, campus, at karera.
    1. Silid-aralan - tatlumpung-anim (36) na credit
    2. Campus - labingwalong (18) credit
    3. Karera - labindalawang (12) credit
- ACHV 011 - Oryentasyon at Seminar sa Pagtatagumpay ng Achieve
- Seminar sa Pagpapayo ng Achieve Kada Tatlong Buwan
- Kumpletuhin at ipakita ang portfolio ng Capstone na bumabalangkas sa progreso patungo sa mga layuning tinukoy sa Programa ng Pag-aaral at ang tagumpay ng mga resulta ng pagkatuto sa pamamagitan ng programa. Tatlong (3) credit.

Kabuuang Credit ng Programa: 72